# Pagninilay Mula sa Aklat ng Ruth Yugto 2

Tayo'y magpapatuloy sa mensaheng ito sa ating nasimulan sa pagninilay mula aklat ng Ruth tungkol sa pamilya ni Elimech. Ano ang naiwan mula sa pamilyang ito ay si Naomi at ang kanyang dalawang anak na manugang pagkatapos ng pagkamatay ng kanyang asawa at ng kanyang dalawang anak lalaki.

"6 At nangyari nang mga kaarawan nang humatol ang mga hukom, na nagkagutom sa lupain. At isang lalaking taga Bethlehem-juda ay yumaong nakipamayan sa lupain ng Moab, siya, at ang kaniyang asawa, at ang kaniyang dalawang anak na lalake." (Ruth 1:6) Si Noemi parang ngayon ay nagsisi at nagsimulang mag-isip sa isang makaDiyos na paraan, at maaring ding ilagay sa kanyang isipan sa kung saan sinabi ni Pablo kay Timoteo kung paano hawakan ang batang mga balo dahil ngayon ay dalawang batang balo sa kanyang bahay. Kapag tayo'y nagsisi ang Banal na Espiritu ay ipapadala ang Kanyang Salita sa atin upang pasiglahin tayo na gawin ang tama at gawin ang mga bagay nang naayon sa Kanyang kalooban. Ating basahin ang iniutos ni Pablo kay Timoteo tungkol sa mga batang balo: "11 Nguni't tanggihan mo ang mga batang babaing bao: sapagka't pagkakaroon nila ng masamang pita na hiwalay kay Cristo, ay nagsisipagnasang magasawa;12 Na nagkakaroon ng kahatulan, sapagka't itinakuwil nila ang unang pananampalataya.13 At bukod dito ay nangagaaral din naman na maging mga tamad, na nagpapalipatlipat sa bahay-bahay; at hindi lamang mga tamad, kundi matatabil din naman at mga mapakialam, na nagsisipagsalita ng mga bagay na di nararapat.14 Ibig ko ngang magsipagasawa ang mga batang babaing bao, magsipanganak, magsipamahala ng sangbahayan, huwag magbigay sa kaaway ng anomang pagkadahilanan ng ikalilibak:15 Sapagka't ang mga iba'y nagsibaling na sa hulihan ni Satanas." (1 Timoteo 5:11-15) Nilinaw ni Pablo na ang paglalaan ng mga balo kay Cristo ay maging matatag kaysa mag-asawa. Iyon ay napakatotoo kung sila'y mayroong mga anak, dahil kailangan nilang palakihin ang kanilang mga anak ng may takot sa Panginoon at gawin silang alagad para kay Jesus. Ngunit ang batang babaeng balo, "Na nagkakaroon ng kahatulan, sapagka't itinakuwil nila ang unang pananampalataya." (1 Timoteo 5:12) ay matukso at malampasan ang kanilang senswal na pagnanasa na sa huli'y pagtagumpayan ang kanilang tapat na pagtatalaga kay Cristo. Ang batang babaeng balo ay maaring mapunta sa iba't ibang lugar sa tsismis at magsalita ng mga bagay na hindi kailangan at sa huli ay tumalikod upang sumunod kay Satanas. Dahil sa lahat ng mga tuksong ito na ating binanggit, sinabi ni Pablo ang sumusunod tungkol sa batang babaing balo: "Ibig ko ngang magsipagasawa ang mga batang babaing bao, magsipanganak, magsipamahala ng sangbahayan, huwag magbigay sa kaaway ng anomang pagkadahilanan ng ikalilibak:" (1 Timoteo 5:14) Ano ang iminungkahi ni Pablo sa kanila ay hindi sakdal na kalooban ng Diyos sa kanila at hindi magandang bagay para sa kanila na gawin , lalo na kung sila may mga anak, ngunit iyon lamang upang makaiwas sa pagbagsak sa kasalanan ng immoralidad. Ngunit ang pag-aasawa at pagkakaroon ng mga anak at pagkakaroon ng asawa sa kanila ay hindi magiging madali sa kanilang buhay kundi panibagong pasanin at panibagong pakikibaka at iyon ay disiplina sa kanila para sa kanilang maling pagpapasya para mag-asawa ng wala sa kalooban ng Diyos.

Sa katotohanan ito ay hindi madali na hatulan at pagpasyahan ang tungkol sa pag-aasawang muli ng isang balo sapagkat mayroong maraming mga kadahilanan na kinakailangan upang maisaalang alang bago maayos ang usaping ito. Narito sa ating pagtatalakay tungkol sa pag-aasawa ni Ruth kay Boas may mabisang Biblikal na dahilan para sa pag-aasawang ito at iyon ay upang panumbalikin ang angkan ng pamilya at hawakan ang minana at ipagpatuloy ang itinalagang paglilingkod sa Panginoon, at iyon ay lalong totoo at maginhawa dahil si Ruth ay walang anak.

"4 At sila'y nagsipagasawa sa mga babae sa Moab; ang pangalan ng isa'y Orpha, at ang pangalan ng isa'y Ruth: at sila'y tumahan doon na may sangpung taon.5 At namatay kapuwa si Mahalon at si Chelion; at ang babae ay naiwan ng kaniyang dalawang anak at ng kaniyang asawa." (Ruth 1:4-5) Si Orpha ay asawa ni Chelion, at ang kahulugan ng pangalan ay 'gasela'. Maaring siya ay mabilis tumakbo, o siya ay maganda kaya naman ang kanyang pangalan ay Orpah, o siya ay maaring may magandang mata sapagkat ang gasela ay mayroong magagandng mata na may maitim na anino na nakapalibot kaya ng makeup. Si Orpah ang una na nilisan ang kanyang biyenan. Babae, maganda nang may makeup, ngunit kung walang pagtatalaga, at maaga at madaling tumakbo mula sa pananagutan, mga kahirapan, at mga kaguluhan ay walang halaga, Ang mga tamad at lumayo tumakas mula sa gawaing bahay ay walang halaga. Ang mga tumatakas mula sa paghuhugas ng pinggan, lumayo mula sa paglalaba ng mga damit, umalis mula sa paglilinis ng lupa at pagluluto ay walang halaga. O maaring siya ay mabilis tumakbo sa mga salo salo at pamimili, atbp. Oo ako'y nagsasalita tungkol sayo kung ikaw ay ganyang babae. Sa pagsasaalang alang sa paghahanda sa MakaDiyos na pagaasawa, walang halaga ang make-up, at ang kagandahan ng babae, ngunit ang kinakailangan ay pagtatalaga, masigasig, katapatan, pamamahala at kahandaan na sumunod sa kalooban ng Diyos at maghirap sa pagsunod sa Diyos.

Minsan ang mga tao kanilang tatanungin ang Diyos bakit sila'y walang mga pagpapala? kailangan nilang makita ang kanilang pag-uugali na humaharang sa biyaya ng Diyos. Si Orpah alam natin na iniwan niya ang kahirapan at ang pananagutan para kay Ruth upang gawin. Si Orpah ay hindi matalino, sapagkat sa isa sa huli ang pinagpala ay si Ruth na may buhay na walang hanggan at may ministério. Ang mga tao na kagaya ni Orpah ay dahil lamang ng materyal na mga pagpapala at hindi sa espirituwal na mga pagpapala. Ang mga taong kagaya ni Orpah ay magaling sa mga talento, matalino, at may Karisma ngunit ano ang gamit niyaon kundi hindi sila handang sumabay sa pagsusumikap at italaga ang kanilang sarili na sumabay sa kalooban ng Diyos. Makikita mo sila sa facebook, tweeter, instagram, at sa lahat ng panlipunang media ngunit sila ay nawawala sa gawain sa bahay; kundi ibinibigay nila ang gawain sa mga katulong o sa kanilang mga asa-asawang lalake. Ang buhay ay puno ng nakahandang mga pagsusulit at ang Diyos ay nakamasid mula sa itaas kung paano tayo kumikilos, at minamarkahan Niya tayo batay sa kung paano tayo kumilos at gumawa sa mga tao at sa mga pangyayari na ipinapahintulot sa atin ng Diyos upang pagdaanan.

Ang kahulugan ng 'Ruth', ang balo ni Mahlon ay 'pakikipagkaibigan'. Ang kaibigan ay kailangan ng isang tunay na kaibigan. Si Ruth ay tapat na kaibigan patungo sa kanyang biyenan. Siya ay nanatiling nakakapit sa kanya at hindi niya iniwan kundi siya ay nanatili sa kanya,

at nagtrabaho upang suportahan ang kanyang sarili at ang kanyang biyenan. Ang ganyang uri ng babae ay kinakailangan sa paghahanda sa MakaDiyos na pag-aasawa. Ang hindi tapat na babae ay iiwan ang kanyang asawa kapag siya ay maysakit, matanda, o kapag siya ay naging mahirap kanilang susubukang sirain ang kanilang pangako. Kakainin nila ang laman at itatapon nila ang buto. Hindi lamang ang mga kababaihan kundi ang kalalakihan din ay kailangan maging tapat. Ang hindi tapat na lalake ay iiwan ang babae kapag siya ay matanda na (Ilagay sa iyong isip ang matanda ay ginto) kapag siya ay maysakit, o dahil hindi niya kayang manganak, at iyon ay hindi mabuti. Oo ako ay nagsasalita tungkol sa mga kalalakihan na kailangan nilang maging tapat sa kanilang kabiyak. Ang asawang lalaki at asawang babae ay dapat kumilos bilang magkaibigan sa isa't isa. Nais ng Diyos sa lalake at babae na handa sa pag-aasawa na maging tapat sa kanilang pag-aasawa at sa kanilang kabiyak.

Si Noemi ay mayroon sa kanyang tahanan na dalawang balo ng kanyang dalawang anak na lalake na namatay. Pareho silang dalawa ay bata at walang mga anak. Kaya nang siya ay nagpasyang bumalik buhat sa Moab papuntang Betlehem, kahit na silang dalawa ay nagnanais na bumalik at manatili sa kanya, hindi niya gustong kunin sila sapagkat inilgay niya sa kanyang isip ang posibilidad sa kanila na mag-asawang muli at maging maayos sa ibang bahay ng lalake. Pareho silang dalawa ay hindi mananampalataya at si Noemi ay hindi gustong kunin sila kasama niya at batahin ang pananagutang ito sa kanila upang mag-asawang muli.

“7 At siya'y umalis sa dakong kaniyang kinaroroonan, at ang kaniyang dalawang manugang na kasama niya: at sila'y yumaon upang bumalik sa lupain ng Juda.” (Ruth 1:7) Ang buhay ay inilagay tayo sa harapan ng daan at nagsanhi sa atin upang ihiwalay sa malalapit na mga tao. Ang napakasakit na pangyayari na kailangan nating tiisin gaya ng pagbabalik natin sa Diyos; hindi ang sakit ng paglalakbay na nauna sa atin kundi ang sakit ng paghihiwalay mula sa malalapit na mga kaibigan. Nakikita ko ang mga luhang pumapatak mula sa mga mata: tatlong tao na magkakasama, namuhay nang magkakasama, Noemi, Ruth at Orpah. Nagluluto ng magkakasama, kumakain ng magkakasama, minamahal ang bawat isa, ngunit isa sa kanila ay nagpasyang bumalik sa Diyos mayroong paghihiwalay at ang paghihiwalay na iyon ay magdudulot ng sakit. Ito ang isa sa napakasakit na pangyayari na kailangan nating harapin, na ang malalapit na mga kaibigan at ang panahon ay dumating upang maghiwalay, hindi dahil sa ibang plano na mayroon ang Diyos sa kanila kundi sa pagkakaiba na mayroon sila sa kanilang kaisipan patungo sa Diyos. Ngunit sa tiyak na panahon hindi natin mahahatulan, kung ito ay magkaiba man ng isip o magkaibang plano, ngunit alam natin na kailangan nating humiwalay. * Dapat nating malaman na kung hindi nating makukuha ang kanilang kaisipan sa gayon hindi natin sila mapipilit na sumama sa atin, kahit sa tamang paraan. Mas mabuting hayaan silang umalis at maghirap upang kanilang matuklasan ang kanilang sarili sa tamang daan at ibalik ang kanilang sarili sa Panginoon.

Ang sumusunod ay ang pagtatalakay at ang sermon ni Noemi sa kanyang dalawang manugang, si Orpah at Ruth, sa daan ng pagbabalik sa Betlehem at ang kinalabasan at ang ating matutunan at mapapagpasyahan sa nangyari:
“8 At sinabi ni Noemi sa kaniyang dalawang manugang, Kayo'y yumaon, na bumalik ang bawa't isa sa inyo sa bahay ng kaniyang ina: gawan nawa kayo ng magaling ng Panginoon, na gaya ng inyong ginawa sa mga namatay at sa akin.” (Ruth 1:8) Magandang paraan kay Noemi, sa isang palakaibigan at tamang paraan siya ay nagpasalamat sa kanila para sa kanilang kagandahang loob sa kanya at sa kani kanilang asawa. Ito ay mabuti na magpasalamat sa mga tao para mabubuting bagay na ginawa nila at paalisin sila ng may kapayapaan upang ang iyong sarili ay magkaroon ng kapayapaan at huwag maguluhan ang iyong sarili. Binigyan sila ni Noemi ng pagpipilan na bumalik ng mapayapa sa bahay ng kanilang ina, at sa ganoon hiniling niya sa kanila ang magaling at binigyan sila ng kalayaan na pumili para magpasya para sa kanilang sarili. Bakit siya kumilos sa ganoong paraan?

- Hindi niya gustong kunin ang kanilang pananagutan
- Hindi niya nais na sila ay magdusa sa kung anong kanyang pagdurusahan at sa kung anong kanyang pagdaraanan
- Hindi niya nais na pilitin sila na gawin ang mga bagay na hindi nila gustong gawin.
- Sinusuri niya sila upang makita kung ano talaga ang nasa loob nila.

Si Naomi sa ganoong sermon siya ay mayroong karunungan ng Diyos.

“9 Ipagkaloob nawa ng Panginoon na kayo'y makasumpong ng kapahingahan, bawa't isa sa inyo sa bahay ng kaniyang asawa. Nang magkagayo'y kaniyang hinagkan sila; at inilakas nila ang kanilang tinig at nagsiiyak.” (Ruth 1:9) Hiniling niya sa kanila ang mabuti, upang makasumpong ng kapahingahan sa kanilang buhay, at binigyan sila ng tanda na mayroon silang karapatan kahit magasawang muli.

“Nang magkagayo'y kaniyang hinagkan sila;” upang ipadama ng kanyang malalim na pagibig sa kanila at ang kanyang pagpapahalaga sa kanilang presensya ng kanilang epekto sa kanyang buhay. “Nang magkagayo'y kaniyang hinagkan sila;” Sa ganito ipinahayag niya sa kanila at sa atin ngayon na narito ang lugar na kailangan nating gawin ang ating pagtatalaga at ipahayag sa kung saan tayo ay susunod sa natitirang bahagi ng ating buhay. Hinalikan ni Judas si Cristo at umalis para sumunod sa diablo.

“Nang magkagayo'y kaniyang hinagkan sila;” Sa panahong iyon sila'y walang COVID 19. Ngunit nang nakita ng Diyos ang mga tao ay nagyayakapan, yumayakap, at paghalik sa isa't isa dahil sa pagtataksil, sa gayo'y iyon ang panahon para sa COVID 19 ay dumating. Ang mga tao ay yumayakap at humahalik at sasabihin aking kapatid na lalake at aking kapatid na babae ngunit itinatago nila ang sundang upang umatake. Kaya naman ang COVID 19 ay dumating nang may pagdistansya, pagsusuot ng mask, paghuhugas ng kamay, walang yakapan, at walang pagsasaklob ng kamay. “at inilakas nila ang kanilang tinig at nagsiiyak.” Isang bukal ng damdamin na kinakailangan pakawalan sa panahong iyon. Mahabang panahon at mga taon ng namumuhay na magkakasama at mga alaala at kasaysayan at mga pangyayari na naalala, ngunit ang lahat ng kailangan ngayon ay ilibing sa daang ito ng Betlehem. “10 sinabi nila sa kaniya, Hindi, kundi kami ay babalik na kasama mo sa iyong bayan.” (Ruth 1:10) Narito ang kanilang unang pagtugon. Pareho silang dalawa nilinaw nila sa kanya na sila'y babalik kasama niya, at tiniyak nila sa kanya sa kanilang pagsasalita na ang kanyang bayan ay kanilang magiging bayan. Ngunit alam natin na si Ruth lamang ang ang tapat ngunit si Orpah ay madaling nagbago ang kanyang isip.

Paanong ito ay natuklasan o napagtibay na ito ay tunay? Si Noemi ay nagsalita sa kanila sa pangalawang pagkakataon upang ang kanilang mabuting motibo ay mahayag.

"11 At sinabi ni Noemi, Kayo'y magsibalik, mga anak ko: bakit kayo'y yayaong kasama ko? may mga anak pa ba ako sa aking tiyan, na magiging inyong mga asawa?" (Ruth 1:11) Sinabi niya sa kanila na bumalik sa panig ng kanilang ina at sinabi niya sa kanila ang katotohanan na hindi dapat silang umasa mula sa kanya na bibigyan sila ng mga asawang lalaki. Tinamaan niya ang mahalagang puntos na sensitibo sa kanilang buhay.

Ngayon, narito tayo sa sermon, huwag asahan na sumunod sa Diyos kasama ko upang makatanggap ng materyal na mga pagpapala mula sa akin; Wala ako dito upang pangakuan kayo gaya ng ganoon. Ang katotohanan sa buhay ay kailangang tugunan ngayon at sa isang malinaw na paraan. Ang sermon ni Noemi ay isang patama at kayang makapag-ani.

I. Inihiwalay ni Noemi ang kanyang damdamin at ginamit ang Salita ng Diyos sa pagtugon sa katotohanan ng kanilang buhay: Pareho silang dalawa si Orpah at Ruth ay hindi mananampalataya, sinabi niya sa kanila nang malinaw na bumalik ang bawat isa sa bahay ng kanilang ina, upang maari silang makahanap ng asawa at magkaroon ng isang bagong pamilya. Sila'y umiyak at nagnanais bumalik kasama siya, ngunit ginawa niyang malinaw sa kanila, kung nais talaga nilang bumalik kasama siya kailangan nilang marinig at aminin ang sumusunod: "12 Kayo'y magsibalik, mga anak ko, magpatuloy kayo ng inyong lakad; sapagka't ako'y totoong matanda na upang magkaroon pa ng asawa. Kung aking sabihin, Ako'y may pagasa, kung ako'y magkaasawa man ngayong gabi, at ako'y magkakaanak man;13 Maghihintay kaya kayo hanggang sa sila'y lumaki? magbabawa kaya kayo na magkaasawa? huwag, mga anak ko: sapagka't daramdamin kong mainam sa inyo, sapagka't ang kamay ng Panginoon ay nanaw laban sa akin." (Ruth 1;12-13) Ginawang malinaw ito ni Noemi sa kanila na kung sila ay babalik kasama siya sa gayo'y hindi dapat nilang ilagay ang pananagutan sa kanya upang isaayos para sa kanilang pag-aasawa. Ang layunin ni Noemi ng pagbibigay sa kanila ng sermon ay makilala ang pagkakaiba kung sino sa kanilang dalawa ang tapat sa motibo upang sumunod sa Diyos at tumalima sa sakdal na kalooban ng Diyos at manatili sa kanya

II. Ang pangaral ni Naomi ay mabunga: Si Orpah ay umalis, ngunit si Ruth ay nanatili sa kanya "At inilakas nila ang kanilang tinig at nagsiiyak uli; at hinagkan ni Orpha ang kaniyang biyanan; nguni't si Ruth ay yumakap sa kaniya." (Ruth 1:14) Napakalinaw na ang pokus ni Orpah ay tungkol sa pag-aasawa. Paminsan- minsan ay may gagawin ang Diyos para malaman kung sino ang mga totoong tao na lumalapit sa Kanya at para sa Kanya lamang, at hindi para sa ibang mga bagay. Maraming mga tao sila ay lalapit sa simbahan o magpapanggap na sila'y sumusunod kay Cristo ngunit sila ay may lihim na motibo at sila ay hindi lumalapit dahil sa Diyos. Ang mensahe ni Noemi sa kanyang dawalang manugang, sa bunga na iminungkahi sa sinulat ng manunulat ng Hebrew: "Sapagka't ang salita ng Dios ay buhay, at mabisa, at matalas kay sa alin mang tabak na may dalawang talim, at bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak, at madaling kumilala ng mga pagiisip at mga haka ng puso." (Hebrew 4:12) Si Noemi ay naging alisto na si Orpah ay hindi tapat sa kanyang motibo at kaya naman iniwan niya siya.

III. Sinuri pa ni Noemi ang tapat na motibo ni Ruth: Sinuri pa ni Noemi ang tapat na motibo ni Ruth at hinamon siya na bumalik gaya ng kanyang hipag, "15 At sinabi niya, Narito, ang iyong hipag ay bumalik na sa kaniyang bayan, at sa kaniyang dios; bumalik kang sumunod sa iyong hipag. Ipinakita ni Ruth ang kanyang tapat na motibo na siya ay susunod sa Diyos ni Naomi at siya ay ba1balik kasama ng kanyang Biyenang babae upang alagaan ang kanyang Biyenang babae at wala sa kanyang isip ang tungkol sa pag-aasawa: "16 At sinabi ni Ruth, Huwag mong ipamanhik na kita'y iwan, at bumalik na humiwalay sa iyo; sapagka't kung saan ka pumaroon, ay paroroon ako: at kung saan ka tumigil, ay titigil ako: ang iyong bayan ay magiging aking bayan, at ang iyong Dios ay aking Dios:17 Kung saan ka mamatay, ay mamamatay ako, at doon ako ililibing; hatulan ako ng Panginoon at lalo na, maliban ang kamatayan ang maghiwalay sa iyo at sa akin." (Ruth 1:15-17) Si Ruth ay talagang may tapat na pananampalataya at siya ay susunod sa Diyos; ang kanyang paghahangad ay gawin ang kalooban ng Diyos. Nakita niya ang Diyos na kayang pagpalain Niya siya, sa gayon, pinilit niya na bumalik kasama ng kanyang biyenang babae upang alagaan siya. Tinanggap dito ni Ruth ang Diyos ni Noemi na gaya ng kanyang Diyos, at ano ang nasa isip ni Ruth ay upang alagaan ang kanyang matandang biyenang babae at iyon ang kanyang katapatan patungo sa Diyos sa pagmamalasakit para sa matandang balo na si Naomi. Sa ganito, tinupad ni Ruth ang Salita ng Diyos na nagsasabi: "3 Papurihan mo ang mga babaing bao na tunay na bao.4 Nguni't kung ang sinomang babaing bao ay may mga anak o mga apo, magsipagaral ang mga ito muna ng pamamahalang may kabanalan sa kanilang sariling sangbahayan, at magsiganti sa kanilang mga magulang: sapagka't ito'y nakalulugod sa paningin ng Dios. 16 Kung ang sinomang babaing nanampalataya ay may inaampong mga babaing bao, ay umabuloy sa kanila, at huwag pabigatan ang iglesia, upang maabuluyan nito ang mga tunay na bao." (1 Timoteo 5:3-4,16) Pinatunayan ni Ruth ang kanyang katapatan patungo sa Diyos at patungo kay Noemi sa kanyang malinaw at tiyak na desisyon na bumalik kasama si Noemi. Si Ruth ay masunurin sa kautusan ng Diyos na ang Panginoon ang naglagay at isinulat sa kanyang puso. "14 Nalalaman ko, at naniniwala akong lubos kay Jesus na Panginoon, na walang anomang bagay na marumi sa kaniyang sarili: maliban na doon sa nagaakala na ang anomang bagay ay marumi, sa kaniya'y marumi ito.15 Sapagka't kung dahil sa pagkain ang iyong kapatid ay naghinanakit ay hindi ka na lumalakad sa pagibig. Huwag mong ipamahamak sa iyong pagkain yaong pinagkamatayan ni Cristo." (Roma 14:14-15) Si Ruth ay tunay na maituturing bilang isang mananambahan sa Diyos na sumasamba sa Diyos sa Espiritu at katotohanan, "23 Datapuwa't dumarating ang oras, at ngayon nga, na sasambahin ng mga tunay na mananamba ang Ama sa espiritu at katotohanan: sapagka't hinahanap ng Ama ang mga gayon na maging mananamba sa kaniya.24 Ang Dios ay Espiritu: at ang mga sa kaniya'y nagsisisamba ay kinakailangang magsisamba sa espiritu at sa katotohanan." (Juan 4:23-24) Ang tunay na mananambahan ng Diyos ay hindi lamang magaling sa pagpupuri at pagsamba, sa pagdalo sa simbahan, at sa pananalangain kundi sila ay mayroong tapat na katatayuan batay sa Banal na Kasulatan at kung ano ang kalooban ng Diyos na sinasabi sa kanya o sa kaniya para gawin.

Ang paraan na hinamon ni Noemi si Ruth ay ang parehong paraan na hinamon ni Jesus ang labing dalawang disipolo nang ang lahat ng mga disipolo ay iniwan Siya; "67 Sinabi nga ni Jesus sa labingdalawa, Ibig baga ninyong magsialis din naman?" (Juan 6:67) Ngunit si

Simon Pedro ay sumagot kay Jesus sa isang maayos na paraan, "68 Sinagot siya ni Simon Pedro, Panginoon, kanino kami magsisiparoon? ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan." (Juan 6:68) Si Ruth nang siya ay hinamon ni Noemi na iwanan siya, sumagot siya sa kanya sa kapareho gaya ng sinagot ni Pedro si Cristo, "16 At sinabi ni Ruth, Huwag mong ipamanhik na kita'y iwan, at bumalik na humiwalay sa iyo; sapagka't kung saan ka pumaroon, ay paroroon ako: at kung saan ka tumigil, ay titigil ako: ang iyong bayan ay magiging aking bayan, at ang iyong Dios ay aking Dios:17 Kung saan ka mamatay, ay mamamatay ako, at doon ako ililibing; hatulan ako ng Panginoon at lalo na, maliban ang kamatayan ang maghiwalay sa iyo at sa akin." (Ruth 1:16-17) Alam ni Ruth ang tungkol sa matuwid na buhay na nais ng Diyos sa kanya upang mabuhay para sa Kanya. Tinawag siya ng Diyos at siya ay tumugon sa tawag ng Diyos at handa niyang gawin ang naayon sa Kanyang kalooban.

Sa aking mahal at minamhal: Ngayon, Pagmasdan:

Sa buhay may mga pagsubok na mga haligi, kapag napagdaanan mo ng matagumpay mula sa mga haliging ito ikaw ay magiging karapat dapat para sa mga pagpapala ng Diyos.

Huwag akitin ang mga tao sa kung anong mayroon ka, bagkus ilagay sa harapan nila ng kahirapan na kanilang pagdaraanan sa pamamagitan kung kanilang pipiliin na sumama kasama mo upang sumunod sa Diyos. Sa ganitong paraan makikita mo ang tapat na tao na tinawag ng Diyos na magiging kasama mo.
At nang makita ni Noemi na mapilit ng pagsama sa kaniya, ay tumigil ng pagsasalita sa kaniya. Ako'y may nakilalang maraming Orpah as aking buhay, at aking natuklasan sa kanila na kapag nalaman na nila ang mga kaguluhan na aking pinagdaraanan. Ang mga tao ay hindi dapat maengganyo sa ating magagawa sa kanila, kundi dapat silang maengganyo sa kung anong magagawa ng Diyos sa kanila bilang sila ay nagpasyang bumalik sa Kanya at sumunod sa Kanya.

"18 At nang makita ni Noemi na mapilit ng pagsama sa kaniya, ay tumigil ng pagsasalita sa kaniya.19 Sa gayo'y yumaon silang dalawa hanggang sa sila'y dumating sa Bethlehem. At nangyari, nang sila'y dumating sa Bethlehem, na ang buong bayan ay napataka sa kanila; at sinabi ng mga babae, Ito ba'y si Noemi? " (Ruth 1:18-19) Ang uri ng mga tao na inaasahan ng Diyos na makita; hindi dahil hinihila natin ang mga tao sa kanilang mga pandinig, ngunit ang tao ay itinutulak natin palayo, bagkus sila'y nagagalak na bumalik at maglingkod sa Diyos kasama natin, na handang maghirap sa ekspidesyon ng paglalakbay mula sa Moab papuntang Betlehem, isang paglalakbay ng sampung araw, mga bundok at sa panganib sa daan ngunit handa pa ring maglingkod sa Kanya. Hindi lamang ang Diyos ang gagawa ng possible ng paglalakbay kundi ang ating pagtatalaga na tiisin kasama ng Diyos at sumunod sa Kanyang mga paraan ay mahalaga rin. Sa pagkakataong ito, hinihikayat ko kayo na bumalik buhat sa Moab, upang tumalikod sa kasalanan, simulang isipin ang tama at bumalik sa bahay ng Diyos at bumalik sa paglilingkod at sa katawagan ng Diyos at ang kinakailangan Niyang gawin mo upang maglingkod sa Kanya.

Ang aking Panalangin; Amang Diyos, ako ay lumalapit sa harapan mo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon ako ay nagpapasalamat para sa katuruan na aking tinanggap mula sa iyong Salita, at sa pagsaway na aking tinanggap sa mensaheng ito na nagpabuti ng aking pananampalataya. Panginoon ako'y nagsisi mula sa sumusunod na mga kasalanan. Panginoon aking tinatalikuran ang kamunduhan, paggawa ng aking sariling kalooban, pagkamakasarili, paglisan sayo, walang kagustuhang magdusa, pagkuha ng aking sariling pagpapasya at walang kagustuhang maglingkod sayo at pagtakas sa aking pananagutan.

Panginoon aking itinatalaga ang aking sarili sa mga layunin na aking tinanggap mula sa iyong Salita. Panginoon ako ay bumabalik sayo, sa iyong salita, sa iyong kalooban, at sa plano na itinalaga mo para sa akin. Panginoon bigyan ako ng higit na bunga ng Banal na Espiritu na magkaroon ng katangian at ng paguugali ni Jesus sa aking buhay. Panginoon puspusin ako ng Banal na Espiritu upang pumaroon at ipangaral ang iyong Salita at magebanghelyo at abutin ang bagong mga tao at upang idisipolo sila.

Panginoon ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalake at Babae na itinalaga ang kanilang sarili sa layunin ng iyong mensaheng ito at ipinakumbaba ang kanilang sarili sa harapan mo at sumunod at isalapat ang iyong Salita sa kanilang buhay. Panginoon pagpalain sila, ibigay sa kanila ang maraming biyaya, Panginoon aliwin sila, itaas sila, alagaan sila, at gantimpalaan sila sa tamang panahon.

Panginoon ako'y nanalangin n aiyo kaming tutulungan bilang isang simbahan; pusposin kaming muli ng Banal na Espiritu sa gayo'y kami'y makaparoon at makapagebanghelyo at gumawa ng bagong mga disipolo at buuin ang gawain na itinalaga mo sa amin upang gawin. Panginoon tuparin ang iyong pananaw sa simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Diyos'. Panginoon tulungan kami na makapagtanim ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, at palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com

Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapi n at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1gmail.com